7

# Lingguhang Aralin sa Values Education

Kuwarter 1

Aralin

7

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay-Aralin sa Values Education 7**
**Kuwarter 1: Aralin 7 (Linggo 8)**
**SY 2024-2025**

Ang materyal na eto ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:** Angelita F. Aquino

**Tagasuri:** Amabel T. Siason

**Ilustrador:**

**Tagaanyo:**

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**VALUES EDUCATION/ KUWARTER 1 / BAITANG 7**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagtupad ng sariling tungkulin bilang mamamayan. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga paraan sa pagtupad ng sariling tungkulin bilang mamamayan upang malinang ang pagiging mapanagutan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Nakapagsasanay sa pagiging mapanagutan sa pamamagitan ng panghihikayat sa iba na gampanan ang kanilang mga tungkulin bilang mamamayan<br>a. Nakapagpapahayag ng mga paraan sa pagtupad ng sariling tungkulin bilang mamamayan<br>b. Naipaliliwanag na ang pagtupad ng sariling tungkulin bilang mamamayan ay pakikibahagi niya sa pagpapabuti at pagpapatatag ng bayan para sa kapakinabangan ng mga mamamayan.<br>c. Nailalapat ang mga paraan ng pagtupad ng sariling tungkulin bilang mamamayan tulad ng paggalang sa mga karapatan ng kapuwa, pagsunod sa mga batas, pagiging mabuting pinuno, at tagasunod |
| **D. Lilinanging Pagpapahalaga** | Mapanagutan (Accountability) |
| **E. Nilalaman** | Pagtupad ng Sariling Tungkulin Bilang Mamamayan |
| **F. Integrasyon** | |

**II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO**


*ANG AKING TUNGKULIN BILANG KABATAAN-DEMO.pptx*. (2022, September 3). SlideShare. https://www.slideshare.net/slideshow/ang-aking-tungkulin-bilang-kabataandemopptx/252814762

Azarcon, E. (2018, August 30). *Es p 9 Module 6 Karapatan at Tungkulin 2018*. SlideShare. https://www.slideshare.net/ednaazarcon7/es-p-9-module-6-karapatan-at-tungkulin-2018

B. (2020, February 19). *TalaSalitaan*. TalaSalitaan. https://talasalitaan.art.blog/

*Facebook*. (n.d.). https://www.facebook.com/gmanews/posts/95-ng-mga-paaralan-sa-valenzuela-city-ay-full-face-to-face-na-ang-klase-limang-a/10161159658811977/?locale=ms_MY

Hernandez, J. (n.d.). *MGA TUNGKULIN O PANANAGUTAN NG MAMAMAYANG PILIPINO.docx*. Scribd. https://www.scribd.com/document/330164834/MGA-TUNGKULIN-O-PANANAGUTAN-NG-MAMAMAYANG-PILIPINO-docx
J. (n.d.). *USMAK*. https://wwwbloggercom-johnsen.blogspot.com/2011/06/usmak.html
K. (2021, September 18). *Ano Ang Pananagutan? – Kahulugan At Halimbawa Nito*. PhilNews. https://philnews.ph/2021/09/18/ano-ang-pananagutan-kahulugan-at-halimbawa-nito/#google_vignette
*LR Portal.* (n.d.). Deped LR Portal. https://lrmds.deped.gov.ph/create/detail/342
*LR Portal.* (n.d.). Deped LR Portal. https://lrmds.deped.gov.ph/create/detail/27
*LR Portal.* (n.d.). Deped LR Portal. https://lrmds.deped.gov.ph/create/detail/575
*Mamamayan: monolingual Tagalog definition of the word mamamayan.* (n.d.). TagalogDotCom. https://www.tagalog.com/monolingual-dictionary/mamamayan#:~:text=Kahulugan%20ng%20mamamayan%3A&text=%5Bpangngalan%5D%20isang%20indibidwal%20na%20naninirahan,at%20responsibilidad%20ayon%20sa%20pamahalaan.
Nicson, V. A. P. B. (2015, December 30). *Aeta Community in Morong, Bataan: Appreciating an Indigenous Culture*. Biyaheng Juan-Sided. https://biyahengjuansided.wordpress.com/2015/09/01/aeta-community-in-morong-bataan-appreciating-an-indigenous-culture/
S. (2020, October 7). *Essay on the importance of time in Hindi | हिंदी में समय के महत्व पर निबंध*. https://worldofhindi.com/essay-on-the-importance-of-time-in-hindi/
T. (2020, October 31). *KAPUWA*. TAGALOG LANG. https://www.tagaloglang.com/kapuwa/
T. (2022, August 8). *PAMAYANAN*. TAGALOG LANG. https://www.tagaloglang.com/pamayanan/
T. (2022, December 5). *MORÁL*. TAGALOG LANG. https://www.tagaloglang.com/moral/
T. (2022, November 15). *TUNGKULIN*. TAGALOG LANG. https://www.tagaloglang.com/tungkulin/

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>Ating balikan ang konseptong natutunan mula sa huling aralin na tinalakay. Sumulat ng tatlong (3) paraan na iyong gagawin bilang paghahanda sa ano mang kalamidad na maaaring maranasan ng ating bansa.<br>1. ______________________<br>2. ______________________<br>3. ______________________<br>Prosesong Tanong: | Maaaring maghanda ng ilang impormasyon o larawan ang guro tungkol sa mga kalamidad na dumaan o naranasan ng bansa katulad ng bagyong Ondoy noong Setyembre 23, 2009 o malakas na lindol na naganap sa Cabanatuan noong July 1990 |

| | | |
|---|---|---|
| | Bakit mahalagang mapaghandaan ng bawat tao ang mga kalamidad na mararanasan ng bansa. | |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>**Ang Aking Tungkulin**<br>Panuto: Ano ang mga gawaing naisasagawa mo sa tahanan, paaralan at pamayanan. Isulat ang iyong sagot sa loob ng kahon.<br><br><br><br>**Prosesong Tanong**:<br>1. Nahirapan ka bang tukuyin ang iyong mga tungkulin? Bakit opo at bakit hindi po?<br>2. Para sa iyo, sa anong edad dapat bigyan ng tungkulin ang isang tao? Pangatwiranan ang sagot.<br>3. Ano ang nararamdaman mo sa tuwing nagagawa mo ng maayos ang mga gawaing ibinigay sa iyo? | |

| | | |
|---|---|---|
| | **2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br><br>**Panuto:** Ibigay ang kahulugan ng salita. Pagtapat-tapatin ang Hanay A sa Hanay B. Isulat sa patlang ang letra ng tamang sagot.<br><br>**Hanay A** — **Hanay B**<br><br>______1. Tungkulin — may kinaláman sa kabutihan o kasamaan ng karakter ng tao<br><br>______2. Mamamayan — isang tiyak na pook na pinaninirahan ng mga tao at karaniwang nauugnay sa iisang interes o katangian.<br><br>______3. Kapuwa — isang indibidwal na naninirahan sa isang lugar o bansa, sakop ng mga batas at tradisyon nito, at may karapatan at responsibilidad ayon sa pamahalaan<br><br>______4. Moral — obligasyon o katungkulan ng isang tao<br><br>______5. Pamayanan — kasáma o ibang tao bukod sa sarili | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | Kaugnay na Paksa 1: <u>Mga Tungkulin bilang mamamayan</u><br>**1.** Pagproseso ng Pag-unawa<br><br>Mga Gabay na Tanong:<br>1. Ano ang kahulugan ng tungkulin?<br>2. Ano ano ang mga tungkulin ng isang tao?<br>3.Ano ang mabuting dulot ng patuloy na pagtupad sa mga gawaing ibinigay sa iyo?<br>4. Bakit mahalaga ang pagtupad ng sariling tungkulin bilang mamamayan at pakikibahagi sa pagpapabuti at pagpapatatag ng bayan para sa kapakinabangan ng lahat? | Ang mga tanong ay ibibigay sa mga mag-aaral bago magsimula ang talakayan bilang gabay sa pagkatuto. Bibigyan sila ng limang minuto upang masagutan ang mga ito pagkatapos ng talakayan. |

| | | |
|---|---|---|
| | Binanggit mo kanina ang mga gawaing naisasagawa mo sa tahanan, paaralan at pamayanan, masaya ka tuwing naisasakatuparan mo ang mg ito. Ang mga gawain ito na iniatang ng mga nakatatanda sa iyo ay siya ring mga gawain na inaasahang nila na isasabuhay mo. Ang mga gawaing ito ay tinatawag na tungkulin. Ano ba ang kahulugan ng tungkulin?<br>Ang tungkulin ay isang obligasyon, katungkulan, sagutin, gawain, o opisyo. Ayon kay Manuel Dy, 2013, kasama sa pagiging moral ng tao ang pagtupad ng tungkulin… ang pagtalikod o hindi pagtupad sa mga tungkulin ay pagsalungat sa buhay-pamayanan na may malaking epekto sa sarili at mga ugnayan.<br>Ang tungkulin ay isang obligasyong moral na gawin o hindi gawin ang isang gawain. Ginagawa ang isang bagay sapagkat ito ay nararapat at nakabubuti. Moral ang syang nagpapatibay sa pagtupad sa tungkulin ng isang tao. Ginagampanan o responsible ang tao sa kanyang tungkulin na ipinagkatiwala sa kanya upang makatugon sa layunin ng kabutihang panlahat.<br><br>Malinaw sa pahayag na ang pagtupad sa tungkulin ay bahagi ng pagiging mabuti ng isang tao. Ang hindi naman pagtupad nito ay maaaring makasira sa ugnayan ng tao sa kanyang sarili at pamayanan.<br>Ang pagtupad sa tungkulin na batay sa moral ng tao ay nagpapabuti at nagpapatatag ng ugnayan ng mga tao sa lipunan. Mahalagang tungkulin ang paggalang sa dignidad ng ibang tao at pagkilos tungo sa kabutihang panlahat.<br><br>IKALAWANG ARAW<br>MGA TUNGKULIN O PANANAGUTAN NG MAMAMAYANG PILIPINO<br><br>1. PAGTULONG SA MGA NANGANGAILANGAN - Tungkulin ng bawat mamamayan na tumulong sa kapwa na nangangailangan ng tulong sa abot ng kanyang kakayahan. Ito ay tungkuling panlipunan at pansibiko<br>2. PAGGALANG SA KARAPATAN AT DIGNIDAD NG IBA – Iba't iba man ang katayuan sa buhay, tungkulin ng tao ang igalang ang sarili at ang kapuwa bilang tao na may karapatan at dignidad. Hindi dapat abusuhin ang ating sariling karapatan at kalayaan. Igalang ang sariling buhay at buhay ng kapwa. Isaalang-alang ang kapakanan ng kapwa bago magsagawa ng kumilos. Pakitunguhan ang kapuwa ayon sa nais mong pakikitungo nila sa iyo at ipakita ang pagkilala sa dignidad kanilang dignidad kahit ano pa ang kalagayan nila sa buhay.<br>3. MAAYOS NA PAGGAMIT NG MGA ARI-ARIANG PAMPUBLIKO - Tayo ay may tungkuling gamitin ng maayos at pangalagaan ang mga gamit pampubliko tulad | Lilinawin ng guro na may ilan sa mga tungkulin ng mamamayan ang hindi pa maaaring gampanan ng mga mag-aaral katulad ng pagbabayad ng buwis.<br><br>Karagdagang impormasyon tungkol sa karapatan ng mamamayang Pilipino. Narito ang *link*. |

| | | |
|---|---|---|
| | ng paaralan, parke o liwasan, at iba pa upang may maggamit din ng mga mamamayan sa hinaharap.<br>4. MATAPAT NA PAGLILINGKOD BILANG MANGGAGAWANG PAMPUBLIKO AT PAMPRIBADO - Ang tungkuling ito ay maipakita sa pamamagitan ng mga sumusunod:<br>*Pagpasok sa takdang oras<br>*Pagkakaroon ng mabuting saloobin sa paggawa<br>*Pakikipagkapuwa o pakikisama sa mabubuting gawain<br>5. MAKATARUNGANG PAGGAMIT NG KARAPATAN - Ang paghahanapbuhay na nakakapinsala sa iba ay dapat ilipat sa pook na walang mapipinsala o itigil kung kinakailangan. Hindi natin puwedeng tirhan o ariin ang pag- aari ng iba ng walang pahintulot ang may- ari o pamahalaan. Hindi natin puwedeng pilitin ang iba na sumanib sa isang relihiyon. Ito ay kalayaan niya ayon sa kanyang paniniwala.<br>6. PANGANGASIWA SA LIKHA NG DIYOS (Stewardship) at PANGANGALAGA SA KAPALIGIRAN – Ang tao ay katuwang ng Diyos sa pangangalaga ng Kanyang nga likha. Inaasahang aalagaan at poprotektahan ng tao ang buhay ng lahat ng nilalang ng Diyos, ang kapwa niya tao, hayop at halaman. Gayundin ang walang buhay katulad ng bundok, dagat at hangin. Maraming paraan na maaaring gawin upang mapangasiwaan ang kapaligiran. Ilan sa mga iyo ay ang pagtatanim ng puno, wastong pagtatapon ng basura, pagre- recycle at iba pa. Huwag abusuhin ang kapaligiran bagkus ito ay pagyamanin at hayaang patuloy na mabuhay.<br>7. PAGSUNOD SA MGA BATAS NG LIPUNAN TULAD NG MAAGAP NA PAGBAYAD NG BUWIS - Ang buwis ay ibinabayad ng bawat mamamayang Pilipino na may hanapbuhay at ari-arian sa bansa. Ang buwis ay perang panggugol ng pamahalaan para sa mga proyektong nagtataguyod sa kapakanan ng mga mamamayan.<br><br>**2.** Pinatnubayang Pagsasanay<br>Tungkulin sa Lipunan<br>Ipakita ang mga paraan ng pagtupad ng sariling tungkulin bilang mamamayan tulad ng paggalang sa mga karapatan ng kapuwa, pagsunod sa mga batas, pagiging mabuting pinuno, at tagasunod.<br>Tukuyin ang inaasahang tungkulin ng ilang manggagawang Pilipinong nakasulat sa kahon. Ano ang paraan ng pagtupad ng mga ito? | https://www.slideshare.net/billyreyrillon/karapatan-ng-mamamayang-pilipino<br><br>Unang larawan:<br>Mga katutubong Aeta<br><br>Ikalawang larawan:<br>Pamamahala o Paggamit ng oras<br>Ikatlong larawan: |

| | |
|---|---|
| Manggagamot | Politiko |
| Mamamahayag | manggagawa |

Tungkulin ng mamamayang Pilipino

Prosesong Tanong:

1. Ano ang kahalagahan ng pagkilala sa tungkulin ng bawat mamamayan?
2. Ano ang bunga ng katapatan sa tungkulin?
3. Ano ang mangyayari kung ang namamahala sa grupo o komunidad ay hindi nagagampanan ang kanilang tungkulin?
4. Balang araw, magkakaroon ka ng higit pang mga tungkulin. Paano mo maipapakita na tapat ka sa mga pananagutang iyon?

3. Paglalapat at Pag-uugnay

Ang Pagtupad ng Aking Sariling Tungkulin

Panuto: Unawaing mabuti ang mensahe ng bawat larawan. Paano ka makapagpapahayag ng mga paraan sa pagtupad ng sariling tungkulin bilang mamamayan. Ilapat ito sa larawang makikitang sa loob ng kahon.



Pag-aaral

Ikaapat na larawan:
Pulubi, may sakit, mahirap







Prosesong Tanong:
1. Ano ang mensaheng ipinaabot ng larawan bilang isa, dalawa, tatlo, at apat?
2. Ano ang iyong mga tungkulin sa kanila?
3. Marami sa kanila ay hindi mo lubos na kilala pero bakit mayroon kang pagnanasa na sila ay tulungan?
4. Nararapat bang laging tugunan ang tawag ng tungkulin? Bakit?

IKATLONG ARAW

Kaugnay na Paksa 2: Pagtupad ng Sariling Tungkulin Bilang Mamamayan

| | | |
|---|---|---|
| | 1. Pagproseso ng Pag-unawa<br>Pagtatasa sa Sarii<br>Narito ang ilang tungkulin ng kabataan. Lagyan ng tsek (✓) ang kolum kung nagagawa mo ang isinasaad sa tungkulin at ekis (X) ang katabing kolum kung hindi. | Maglaan ng limang minuto upang masagot ng mga mag-aaral ang tanong at makapagbahagi sa klase |

| Tungkulin ng kabataan | Tsek | Ekis |
|---|---|---|
| *1. Pangangalaga sa Sarili* | | |
| a. Pagpapanatili ng kalinisan ng katawan | | |
| b. Pagpapa-unlad ng talento at makabuluhang paggamit nito | | |
| *2. Tungkulin bilang anak* | | |
| a. Paggalang sa mga magulang o tagapag-alaga sa lahat ng pagkakataon | | |
| b. Pagtulong sa gawaing bahay at sa pagpapasigla ng ugnayan sa pamilya | | |
| *3. Tungkulin bilang kapatid* | | |
| a. Pagmamahal sa kapatid | | |
| b. Pag-iwas sa pakikipag-away | | |
| *4. Tungkulin bilang mag-aaral* | | |
| a. Pag-aaral ng mabuti at pagpapataas ng marka | | |
| b. Pagkatutong lutasin ang mga sariling suliranin | | |
| *5. Tungkulin sa pamayanan* | | |
| a. Paglilinis ng kapaligiran | | |
| b. Pakikiisa o pakikilahok sa gawaing pambarangay | | |
| *6. Tungkulin sa pananampalataya* | | |
| a. Pananalangin sa araw-araw | | |
| b. Paggawa ng kabutihan sa kapuwa | | |
| 7. *Tungkulin sa kapuwa* | | |
| a. Paggalang sa Karapatan ng iba | | |
| b. pakikipagtulungan | | |
| KABUUANG BILANG NG TSEK AT EKIS | | |

Bilangin ang tsek at Ilapat sa batayang ito:

| | | |
|---|---|---|
| | 14-12 Napakahusay sa pagtupad ng tungkulin<br>7- 9 Mahusay sa pagtupad ng tungkulin<br>4- 6 Hindi mahusay sa pagtupad ng tungkulin<br>0-3 Kailangang matutuhan ang mga paraan sa pagtupad sa tungkulin<br><br>Prosesong Tanong:<br>1. Ano ang iyong naging iskor sa gawain?<br>2. Ano ang kahulugan nito?<br>3. Masasabi mo bang naging mapanagutan ka sa pagtupad ng iyong mga tungkulin?<br>4. Ano ang kahulugan ng pananagutan para sa iyo?<br>5. Paano mo mailalarawan ang isang taong mapanagutan sa kanyang tungkulin?<br><br>Ang pananagutan ay ang responsibilidad ng isang tao na kailangang gampanan. Bukod dito, kapag pananagutan ang pinag-uusapan, ito'y nangangahulugan na kapag hindi ito nagawa, mayroong negatibong epekto ito sa iyo at sa mga taong kasama dito. Ang taong laging tumutugon sa kanyang tungkulin o responsibilidad ng may pagkukusa at kabutihang loob ay matatawag na mapanagutan.<br><br>Ang salitang "mapanagutan" (*accountability*) ay tumutukoy sa isang taong handang panindigan ang tungkulin nakaatang o ipinagkaloob sa kanya. May kahandaan din ang taong ito na kung sakaling magkamali ay tumanggap ng kaparusahan sa kanyang mga pagkakasala o pagkukulang na nagawa, sa pagtupad nang tungkulin.<br><br>Ang isang mapanagutang tao ay nag-iisip bago kumilos. Ito ay hindi upang pabutihin o pagandahin ang kanyang imahe, kundi tinitiyak niyang angkop at makabubuti sa higit na nakararami ang kanyang pagganap sa tungkulin.<br><br>Napag-aralan mo sa ikalawang araw ng pagtalakay sa araling ito ang mga tungkulin o pananagutan ng mamamayang Pilipino. Ang pagtupad ng mga tungkulin na iyon ay makabubuti hindi lamang para sa iyo kundi para sa bayan at sa kapuwa mo Pilipino. Gawin nating halimbawa ang Maayos na Paggamit ng mga Ari-ariang Pampubliko, kasama na dito ang paaralan at mga kagamitang nasa loob nito. Bilang mag-aaral, anong paraan ang iyong gagawin upang makatugon sa tungkuling ito? Ano ang magiging epekto sa iyo, sa paaralan, at sa iba pang mga mag-aaral na pumapasok kung hindi maiingatan ang paaralan at ang mga kagamitan dito? | |

Laging tatandaan na kung hahayaan lamang nating masira ang pampublikong ari-arian o gamit, maglalaan na naman ng pondo ang pamahalaan upang maisaayos ang mga ito, imbes na mailalaan ang pondo para sa mas mahahalagang proyekto. Bukod dito, ilang mag-aaral ang maaaring hindi makapag-aral ng mabuti kung sira-sira ang kagamitan ng paaralan? Sa puntong ito, makikita na ang hindi pagtupad sa tungkulin ay magdudulot ng suliranin kaya dapat isapuso mo ang pagtupad nito. Ang pagtupad mo sa iyong tungkuin ay isang paraan ng iyong pakikibahagi sa pagpapabuti at pagpapatatag ng bayan. At kung bayan ay magiging matatag at maunlad, tiyak na magiging malaki ang kapakinabangang makukuha ng kapuwa mo Pilipino.

2. Pinatnubayang Pagsasanay
Pagsusuri ng Siwasyon
Suriin ang sitwasyon at sagutin ang mga katanungan sa ibaba.

A. Malapit na ang Ikatlong Markahang Pagsusulit kung kaya't seryoso sa ginagawang pagbabalik-aral si Julian. Binabasa niyang muli ang nilalaman ng bawat aralin. Sinasagutan din niya ang mga nakahandang gawain sa modyul at nagtatanong sa kanyang guro ng mga bahagi nito na hindi niya gaanong naunawaan. Nais niyang mapanatili ang karangalang *with highest honors* na natanggap niya noong nakaraang markahan. Kaya bukod sa ginagawa niyang pagbabalik-aral ay sinisikap din niyang magawa ang lahat ng gawain ng tama at naipapasa sa itinakdang oras.

1. Ano ang tungkulin na ginampanan ni Julian?

______________________________________________

______________________________________________

2. Naging mapanagutan ba siya kanyang tungkulin bilang mag-aaral? Ano ang mga patunay?

______________________________________________

______________________________________________

3. Ano ang mabuting dulot ng pagiging mapanagutan sa tungkulin bilang mag-aaral?

______________________________________________

______________________________________________

| | | |
|---|---|---|
| | 4. Ano ang hamon sa iyo ng kuwento ni Julian patungkol sa pagiging mapanagutang mag-aaral?<br>________________________________________________<br>________________________________________________<br><br>B. Si Angela ay mag-aaral mula sa *Grade 10* at pangulo ng *Student Council* ng kanilang paaralan. Siya ay aktibo sa pagpapanatili ng disiplina at kaayusan. Pinangungunahan niya ang pag-aayos ng pila at katahimikan tuwing *flag ceremony*. Sa tulong ng iba pang opisyal ay nagtalaga din sila ng magpapanatili ng kaayusan sa oras ng *recess* at uwian. Minsan ay nakita niya ang isang batang lalaki na Grade 7 na binubulas ng mga kaklase nito. Kinuha at pinagpasa pasahan ng mga ito ang *bag* ng bata. Kitang-kita ang magkahalong galit at lungkot sa mukha ng biktima na halos umiyak na sa pagkapikon. Dali-daling nilapitan ni Angela ang mga ito at sinaway ang mga bata sa kanilang ginagawa. Inalam niya ang pangkat at pangalan ng mga ito. At pagkatapos ay inihatid niya sa silid-aralan ang mga ito upang makatiyak na hindi na mauulit ang pambubulas. Ipinagbigay alam niya sa gurong tagapayo ang nangyari na anaksiyunan din naman agad nito.<br><br>1. Ano ano ang tungkulin na ginampanan ni Angela?<br>________________________________________________<br>________________________________________________<br>2. Naging mapanagutan ba siya kanyang tungkulin bilang pangulo ng *Student Council*? Ano ang mga patunay?<br>________________________________________________<br>________________________________________________<br>3. Kung ikaw ay nakakita ng isang taong binubulas, ano ang iyong gagawin?<br>________________________________________________<br>________________________________________________<br>4. Ano ang hamon sa iyo ng kuwento ni Angela patungkol sa pagiging mapanagutan sa iyong kapuwa?<br>________________________________________________<br>________________________________________________<br><br>IKAAPAT NA ARAW<br>3. Paglalapat at Pag-uugnay | |

| | | |
|---|---|---|
| | Repleksiyon<br>Panuto: Minsan mo na bang makaligtaan ang pagsasagawa ng iyong tungkulin? Balikan ang karanasang ito. Isulat ng buo ang pangyayari at sagutin ang mga tanong sa ibaba.<br>____________________________________________<br>____________________________________________<br>____________________________________________<br>____________________________________________<br>____________________________________________<br>____________________________________________<br>Prosesong Tanong:<br><br>1. Ano ang mga salik na naging dahilan kung bakit hindi ka nakatugon sa iyong tungkulin?<br>2. Ano ang naging reaksiyon ng mga tao sa iyong paligid noong hindi mo nagawa ang iyong tungkulin?<br>3. Ano ang iyong dapat isaalang-alang sa pagtugon sa isang gawain o tungkulin?<br>4. Anong aral ang iyong natutunan mula sa karanasang ito?<br>5. Kung mauulit ang pagkakataong ito, ano ang iyong mga aayusin o babaguhin sa naging kilos upang ito ay maging mapanagutan? | |
| **D. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto**<br>Panuto: Sumulat ng tatlong mahahalagang aral na natutunan mo sa araling ito kaugnay sa pagsasabuhay ng iyong mga tungkulin<br><br>**1.**__________________________________________<br>____________________________________________<br>**2.**__________________________________________<br>____________________________________________<br>**3.**__________________________________________<br>____________________________________________<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto** | |

| | | |
|---|---|---|
| | Pagnilayan at Isulat ang pagka-unawa<br>*Ang pagtupad sa tungkulin ay bahagi ng pagiging mabuting tao.* | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|

<table>
<tr><td rowspan="1">A. Pagtataya</td><td colspan="3">1. Pagsusulit<br>I. Tama o Mali. Isulat sa patlang ang iyong sagot.<br>________ 1. kasama sa pagiging mabuti ng isang tao ang pagtupad ng tungkulin<br>________ 2. Ang pananagutan na hindi naisawaga ay nagdudulot ng hindi kaaya-ayang epekto.<br>________ 3. Hindi dapat asahan ang isang kabataan na maging mapanagutan sa kanyang tungkulin dahil matatanda lamang ang dapat nagsasabuhay nito.<br>________ 4. Mapanagutan ang isang kilos kung ito nakabubuti sa nagsasakilos nito kahit makasama pa sa iba.<br>________ 5. Ang pananagutan ng isang tao ay para sa kanyang sarili lamang.<br><br>II. Sa paanong paraan ka magiging mapanagutan sa mga sumusunod na pagkakataon<br><br>1. Paggastos ng pera ________________________________________________<br>______________________________________________________________<br>2. Paggamit ng Social Media/ internet ___________________________________<br>______________________________________________________________<br>3. Pangangalaga sa Sarili ______________________________________________<br>______________________________________________________________<br>4. Pakikitungo sa mga guro at kaklase ____________________________________<br>______________________________________________________________<br>5. Pagkikipagkaibigan/ Pagkakaroon ng Barkada ___________________________<br>______________________________________________________________<br><br>2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin<br>Magmasid sa paligid sa labas ng inyong tahanan. Kumuha ng isang larawan ng taong tumutupad sa kanyang tungkulin. Idikit ito sa papel at isulat ang iyong paliwanag kung bakit ito ay iyong napili. Tukuyin kung alin sa mga tungkulin ng mamamayan ang kanyang tinutupad.</td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="2">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="2">Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo. |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito. |